# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 7
## Ikaapat na Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 1: Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna**

**A. Panimula**

Ipasagot ang mga tanong sa mga mag-aaral.

1. Naniniwala ka ba sa mga kababalaghan?
2. Anong mga kababalaghan ang nasaksihan, narinig, at napanood mo? Isalaysay ito sa klase.
3. Paano nakaapekto ang paniniwala mo upang mapatunayang totoo ang mga pangyayaring hindi inaakalang nangyayari?

**B. Katawan**

**Unang Pagbasa**

Sabihin na maaaring gawing indibidwal o pangkatan ang pagbabasa ng klase.

(Ipabasa nang masining sa harap ng klase ang tungkol sa Tulang Romansa.)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa kasaysayan, katangian ng korido at ng may-akda.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat nang sistematiko ang mga nasaliksik na impormasyon kaugnay ng kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naibibigay ang kahulugan at katangian ng korido
2. Naisasalaysay ang kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna
3. Napahahalagahan ang pag-aaral ng Ibong Adarna
4. Nakasusulat ng isang maikling pananaliksik ukol sa mga bagong ideya tungkol sa Ibong Adarna

**Sanggunian:**

Rodillo, Gregorio M. et al. 1997. *Ibong Adarna – Isang Interpretasyon*. Manila: Rex Book Store.

**Tulang Romansa**

Ang tulang romansa ay tulang pasalaysay tungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan na karaniwang ginagalawan ng mga prinsipe't prinsesa at mga mahal na tao.

Naging palasak ang mga tulang romansa sa Europa noong Edad Media at maaaring nakarating ito sa Pilipinas mula sa Mexico noon pang 1610. Ngunit noong dantaon 18 lamang ito naging palasak sa ating bansa kasabay ng pagkakilala sa impremta at pagkatuto ng mga katutubo ng alpabetong Romano.

Ang panitikan ay isa sa mga paraang ginamit ng mga mananakop na Kastila sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyano, at ang mga tulang romansa ay lumaganap kasabay ng pagdagsa ng mga aklat-dasalan. Layunin ng tulang romansa na mapalaganap ng diwang Kristiyano. Karaniwan, kung gayon, ang pagtawag sa Diyos ng mga tauhan at ang gantimpala ng langit sa mga nananalig. Karaniwan ding nagsisimula ang mga ito sa panalangin sa pag-aalay ng akda sa Birhen o sa isang santo.

Nagkasanib sa tulang romansa ang dayuhan at ang katutubo. Dayuhan ang (1) anyong pampanitikan na galing sa Europa at dinala rito ng mga prayle at sundalong Kastila; (2) ang mga tauhan, na may prinsipe at prinsesang may mga pangalang dayuhan; (3) ang tagpuan, na karaniwang isang malayong kaharian sa Europa; at (4) ang paksang relihiyoso na pinalalaganap sa pamamagitan ng anyong pampanitikang ito.

Ngunit binibihisan na ang tulang romansa ng katutubong pagkamalikhain. Katutubo ang (1) wikang ginamit sa mga tulang romansa; (2) ang tradisyon sa pagtula na dati nang ginagamit sa panitikang salimbibig, tulad ng bugtong, sawikain, at iba pa; (3) ang mga talinghagang likas sa wika; at (4) ang mga pagpapahalagang pamana ng ating mga ninuno, tulad ng pagmamahal sa magulang, pagtulong sa nangangailangan at iba pa.

Ang tulang romansa, kung gayon, ay dayuhang anyo na binihisan ayon sa katutubong panlasa. Maging ang mga tauhan, bagama't mga prinsipe at prinsesang may mga dayuhang pangalan, ay nagpapahayag ng mga kaisipan at pagpapahalagang katutubo.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Ikalawang Pagbasa**

Ipabasa nang tahimik sa klase.

**Dalawang Anyo ng Tulang Romansa**

Ang awit at korido ay dalawang anyo ng tulang romansa. Nagkakaiba ang dalawang ito ayon sa sukat, himig, at pagkamakatotohanan.

**Korido**

(1) May walong pantig sa bawat taludtod.

(2) Sadyang para basahin, hindi awitin.

(3) Kapag inawit, sa himig na mabilis o allegro, ito ay dahil maikli ang mga taludtod, wawaluhing pantig lamang.

(4) Ang mga tauhan ay may kapangyarihang *supernatural* o kakayahang magsagawa ng mga kababalaghan na hindi magagawa ng karaniwang tao, tulad ng pagpatag ng bundok, pag-iibang anyo, at iba pa.

(5) Dahil dito, ang mga pakikipagsapalaran ng mga tauhan ay malayong maganap sa tunay na buhay.

(6) Halimbawa nito ang Ibong Adarna.

**Awit**

(1) May labindalawang pantig sa bawat taludtod.

(2) Sadyang para awitin, inaawit sa tanging pagtitipon.

(3) Ang himig ay mabagal o banayad, tinatawag na andante.

(4) Nahaharap sa mga pakikipagsapalaran ang mga tauhan sa awit, ngunit higit na makatotohanan o hango sa tunay na buhay ang mga pangyayari. Walang kapangyarihang *supernatural* ang mga bida.

(5) Maaaring maganap sa tunay na buhay ang mga pangyayari sa isang awit.

(6) Halimbawa nito ang Florante at Laura.

May iisang layunin ang awit at korido sa paglikha ng mga tauhang may kahanga-hangang kakayahan:

Lumikha ng larawan ng isang bayaning maaaring hangaan at pamarisan.

**Ikatlong Pagbasa**

## Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna

Sinabi ni Santillan-Castrence (1940) na ang kasaysayan ng Ibong Adarna ay maaaring hango sa mga kuwentong-bayan ng iba't ibang bansa, tulad ng Alemanya, Denmark, Romania, Austria, Finland, Indonesia, at iba pa.

Taglay ng Ibong Adarna ang *motif* ng *cycle* na matatagpuan sa mga kuwentong bayan o *folklore*. Ito'y ang sumusunod: maysakit ang ina (isang reyna) isang ama (isang hari) at kailangan ng isang mahiwagang bagay upang gumaling, tulad ng ibong umaawit, tubig ng buhay, halaman, at iba pa. Maglalakbay ang tatlong anak ngunit ang bunso ang magtatagumpay (dahil matulungin) na makuha ang makalulunas na bagay sa tulong ng matandang ermitanyo. Pagtutulungan siya ng nakatatandang mga kapatid upang agawan ng karangalan, at magdaranas siya ng maraming hirap, ngunit magtatagumapy rin sa huli.

Ilan sa mga kuwentong-bayan na hawig ng Ibong Adarna ay ang sumusunod:

1. Mula sa kuwentong *Scala Celi* (1300)
2. Mula sa Hessen, Alemanya (1812)
3. Mula sa Paderborn, Alemanya
4. Mula sa Vaderbon, isinulat ni Gretchen Wild ang "Ang Maputing Kalapati" (1808)
5. Mula sa Denmark (1696)
6. Mula sa "Isang Libo't Isang Gabi"
7. Mula sa Malayo-Polinesya ni Renward Brandsetter
8. Mula sa Malische- Marchen na tinipon ni Paul Ambruch

Ang mga kuwentong-bayan na ito ay may pagkakahawig ngunit may pagkakaiba dahil sa kulturang pinagmulan ng bansa.





Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

1. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga gawain.

A. Magbigay ng mga susing salita na maaaring mailarawan ang salitang nasa ibaba. Isulat ito sa bawat patlang na nasa *semantic web*.





REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

B. Mula sa mga susing salita na naisulat sa mga patlang, bumuo ng sariling kahulugan ng Tulang Romansa.

Ang Tulang Romansa ay ______________________________________________

**2. Pagpapalawig**

A. Sabihin sa klase na paghambingin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng awit at korido batay sa nabasang teksto. Gamitin ang *Venn diagram* para dito.




B. Mula sa mga nabanggit na kuwentong-bayan na hawig ng Ibong Adarna sa ikalawang teksto, saliksikin ang buod o ang kabuuang kuwento nito. Isalaysay sa klase ang mahalagang bahagi ng kuwento at isadula ito sa pamamagitan ng isang karilyo.

Pagkatapos ng pagsasadula, tukuyin ng klase ang mahalagang detalye at mensahe ng akdang ibinahagi sa klase.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**3. Pagpapayaman**

A. Ipahanay sa talahanayan ang mga kuwentong-bayan na isinalaysay at isinadula sa klase at isulat sa kanang kolum ang mga dahilan o motibo ng may-akda sa pagkakasulat nito.

| Kuwentong-bayan | Dahilan/Motibo ng may-akda batay sa sariling pananaw ng mga mag-aaral |
|---|---|
| | |

B. Iuugnay ng mga mag-aaral ang mga larawan sa bahagi ng kuwentong-bayang napanood sa klase (dulaan na karilyo).








**C. Kongklusyon**

Sabihin na pagkatapos ng talakayang ito, masasalamin ng mga mag-aaral sa kabuuang pag-aaral ng Ibong Adarna ang halaga nito sa:

Sarili: ______________________________________________

Magulang: ____________________________________________

Kapwa: ______________________________________________

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

**Takdang Aralin**

Sabihan ang mga mag-aaral na magsaliksik sa silid-aklatan o *Internet* tungkol sa iba pang ideya tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna. Ipasulat ang buong talata at ipasulat sa ibabang bahagi ang pinagkunan o ang sanggunian batay sa pormat ng pagsusulat ng bibliograpiya.

***Rubric* sa Pagmamarka (Maaaring baguhin.)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Bagong Konsepto na Nakalap | – | 40% |
| 2. | Pagkilala sa Sanggunian | – | 10% |
| 3. | Kalinawan ng Paglalahad | – | 30% |
| 4. | Orihinalidad (Walang Hawig Sa Kaklase) | – | 5% |
| 5. | Kaugnay sa Paksa | – | 15% |
| | **Kabuuan** | **=** | **100%** |



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 2: Panawagan ng May-akda**
**(Saknong 1–6)**

**A. Panimula**

Ipasagot ang tanong na:

Pamilyar ka ba sa problemang kinahaharap ng kabataang Pilipino? Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon na manawagan sa mga kabataang sangkot dito, ano ang iyong magiging panawagan?

Bumuo ng isang panawagang pa-plakard para dito at ipaskil sa *blackboard*.

**B. Katawan**

Sabihin sa klase na bumuo ng limang pangkat para basahin ang bahagi ng Ibong Adarna na ang Panawagan ng May-akda.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pagsusuri ng mga pangyayari sa akda na nagpapakita ng mga suliraning panlipunan na dapat bigyan ng solusyon.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ang tekstong nagmumungkahi ng solusyon sa isang suliraning panlipunan na may kaugnayan sa kabataan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakapagmumungkahi ng mga angkop na solusyon sa mga suliraning narinig mula sa akda
2. Nailalahad ang sariling saloobin at damdamin sa napakinggang bahagi ng awitin na may pagkakatulad sa akdang tinalakay
3. Nakasusulat ng isang panalangin na makapagmumungkahi ng solusyon sa isang suliraning panlipunan na may kaugnayan sa kabataan

(Basahin nang masining sa harap ng klase. Isa-tono sa isang awiting pansimbahan.)

**Panawagan ng May-akda (Saknong 1–Saknong 6)**

O, Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
Liwanagan yaring isip
Nang sa layo'y di malihis.

Ako'y isang hamak lamang
Taong lupa ang katawan,
Mahina ang kaisipan
At maulap ang pananaw.

Malimit na makagawa
Ng hakbang na pasaliwa
Ang tumpak kong ninanasa
Kung mayari ay pahidwa

Labis yaring pangangamba
Na lumayag na mag-isa,
Baka kung mapalaot na
Ang mamangka'y di makaya

Kaya, Inang matangkakal
ako'y iyong patnubayan,
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

At sa tanang nariritong
Nalilimping maginoo
Kahilinga'y dinggin ninyo
Buhay na aawitin ko.

1. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

   Sabihin na ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salitang nakahilig na ginamit sa bawat taludtod. Gagamit ng diksyonaryo para dito ang mag-aaral.

   a. Liwanagin yaring isip nang sa layo'y *di malihis*

   b. Malimit na makagawa ng hakbang na *pasaliwa*

**Sanggunian:**

Rodillo, Gregorio M. et al. 1997. *Ibong Adarna – Isang Interpretasyon*. Manila: Rex Book Store, Inc.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

c. Ang tumpak kong ninanasa kung mayari ay *pahidwa*

d. Labis yaring pangangamba na *lumayag* na mag-isa

e. Nang mawasto sa *pagbanghay* nitong kakathaing buhay

**2. Pagpapalawig**

Ipasagot ang mga tanong:

a. Sino ang nagdarasal sa unang bahagi ng akda?

b. Ano ang nilalaman ng kanyang panalangin?

c. Bakit sa Mahal na Birhen siya nagdarasal?

Magpatala ng balita na nagpapakita ng suliraning panlipunan na ipinahayag sa saknong.

Ako'y isang hamak lamang
Taong lupa ang katawan,
Mahina ang kaisipan
At maulap ang pananaw.

(Ulo ng Balita): ______________________________

(Buong Balita) (Itala/Idikit.)

| |
|---|
| |

Malimit na makagawa
Ng hakbang na pasaliwa
Ang tumpak kong ninanasa
Kung mayari ay pahidwa

(Ulo ng Balita): ______________________________

(Buong Balita) (Itala/Idikit.)

| |
|---|
| |

3. **Pagpapayaman**

Iparinig ang awiting "Patawad" sa klase at ipahambing ang awiting ito sa unang anim na saknong ng Ibong Adarna. Isa-isahin ang bahagi ng awitin at akda na magkahawig at ilahad ang saloobin o damdamin habang ito ay binabasa/inaawit.

**C. Kongklusyon**

Magsagawa ng pangkatang gawain sa klase (limang pangkat/klase) at magbabahaginan ng sariling karanasan tungkol sa pagpapanuto ng sarili upang masolusyonan ang mga suliraning pangkabataan. Iuugnay ang huling saknong sa akda upang mabigyan ito ng pansariling interpretasyon.

Kaya, Inang matangkakal
ako'y iyong patnubayan,
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

Sabihin sa mga mag-aaral na pagnilayan din ang gampanin ng isang ina/babae upang mapanuto ang isang kabataan. Ipasulat ang repleksiyon sa isang *stick on* at ibigay ito sa kanilang ina.

**Takdang Aralin**

Magpasulat ng isang bukas na liham na kakikitaan ng mga solusyon sa mga suliraning kinahaharap ng mga kabataan. Papiliin lamang ng isang suliraning pangkabataan.

***Rubric* sa Pagmamarka (Maaaring baguhin.)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Nilalaman ng Liham | – | 40% |
| 2. | Organisasyon | – | 10% |
| 3. | Kalinawan ng Paglalahad | – | 30% |
| 4. | Orihinalidad (Walang Hawig sa Kaklase) | – | 5% |
| 5. | Esensiya ng Solusyon sa Lipunan | – | 15% |
| | **Kabuuan** | **=** | **100%** |



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 3: Saknong 7–128**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Sino ang hari ng Berbanya?
   a. Haring Fernando
   b. Haring Linceo
   c. Haring Briseo
   d. Haring Salermo
2. Ilan ang kanyang anak na lalaki?
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4
3. Ano ang sanhi ng pagkakasakit ng hari?
   a. matinding karamdaman
   b. masamang panaginip
   c. pilyong mga anak
   d. isang sumpa
4. Alin sa mga sumusunod ang lunas sa sakit ng hari?
   a. awit ng sirena
   b. awit ng isang ibon
   c. tinig ng kanyang asawa
   d. paggamot ng mediko
5. Sino ang unang naglakbay upang hanapin ang lunas sa sakit ng hari?
   a. Don Pedro c. Don Juan
   b. Don Diego d. Ermitanyo

**2. Pagganyak**

Magkaroon ng maikling pagbabahagi ng mga mag-aaral kaugnay ng kahulugan ng mga panaginip sa pamamagitan ng *Think-Pair-Share.*

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 7–128
2. Nakikilala ang mga tauhan sa akda batay sa katangiang ipinamalas
3. Nasusuri ang mga pangyayari sa akda na nagpapakita ng mga suliraning panlipunan na dapat bigyang solusyon
4. Nakapagmumungkahi ng mga angkop na solusyon sa mga suliranin mula sa akda

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Ano sa mga panaginip mo ang hindi mo malilimutan? Nagkatotoo ba ang panaginip mong ito? Naniniwala ka ba na ang mga panaginip ay may kahulugan? Bakit? May katuwiran ba ang paniniwala sa kahulugan ng panaginip? Ipaliwanag ang panig.

**B. Katawan**

**1. Presentasyon**

Pagbasa ng mga Saknong ng Ibong Adarna

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng pagbuo ng isang maikling pagtatanghal.

Pangkat 1: Saknong 7–29 (Ang Mag-anak sa Kaharian ng Berbanya)

Pangkat 2: Saknong 30–45 (Ang Panaginip ng Hari)

Pangkat 3: Saknong 46–80 (Paglalakbay ni Don Pedro)

Pangkat 4: Saknong 81–109 (Paglalakbay ni Don Diego)

Pangkat 5: Saknong 110–128 (Paglalakbay ni Don Juan)

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**


**Talasalitaan**

Ipabigay sa mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa tulong ng *advance organizer*.


1. matangkakal

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | a | | w | | n |

2. maulap




3. lumayag




5. Nakasusulat ng tekstong nagmumungkahi ng solusyon sa isang suliraning panlipunan na may kaugnayan sa kabataan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4. nililo

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | i | l | | k | |

5. dumangal

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| d | | m | | t | | | g |

## 3. Pagpapayaman

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng paksa na ibabahagi sa klase.

Pangkat 1: Pagguhit at Paglalarawan ng Tagpuan

Pumili ng saknong mula sa akda na naglalarawan sa tagpuan. Iguhit ang tagpuan batay sa ibinigay na paglalarawan sa akda.

| **Berbanya** | **Bundok Tabor/Piedras Platas** |
|---|---|
| | |


Pangkat 2: Pagpapakilala sa mga Tauhan

Pumili ng saknong mula sa akda na naglalarawan sa tauhan.

| | |
|---|---|
| Haring Fernando | Ilarawan si Haring Fernando bilang hari o pinuno. Ihambing siya sa mga pinuno ng bayan sa kasalukuyan. |
| Reyna Valeriana | Ilarawan si Reyna Valeriana bilang reyna at asawa. Ihambing siya sa asawa ng mga pinuno ng bayan sa kasalukuyan. |
| Don Pedro, Don Diego, at Don Juan | Ilarawan ang tatlong prinsipe. Ihambing sila sa mga anak ng pinuno ng bayan sa kasalukuyan. |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Pangkat 3: Paghahambing ng Pamilya sa Berbanya at sa Pamilyang Pilipino




Pangkat 4: Pagbuo ng *Story Board* kaugnay ng mga Pangyayari sa Akda

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pagpapalaki sa mga Anak | Pagkakasakit ng Hari | Paglalakbay ni Don Pedro | Paglalakbay ni Don Diego | Paglalakbay ni Don Juan |

Pangkat 5: Pagpapaliwanag ng Kaisipang Nakapaloob sa mga Piling Saknong mula sa akda

*Saknong 18*
*"Sa pag-ibig ng magulang*
*mga anak ay dumangal*
*maagang pinaturuan*
*ng dunong na kailangan"*

*Saknong 30*
*"Ngunit itong ating buhay*
*talinghagang di malaman*
*matulog ka nang mahusay*
*magigising nang may lumbay"*

*Saknong 20*
*"Alam niyang itong tao*
*Kahit puno't maginoo*
*Kung hungkag din ang ulo*
*Batong agnas sa palasyo"*

*Saknong 82*
*"Baon sa puso' at dibdib*
*ay makita ang kapatid*
*magsama sa madlang sakit*
*sa ngalan ng amang ibig"*

*Saknong 127*
*"Matibay na paniniwala*
*di hamak magpakababa,*
*pag matapat ka sa nasa*
*umaamo ang biyaya"*

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Sino-sino ang tauhan ng Ibong Adarna?

b. Ano ang katangian ni Haring Fernando? Isa ba siyang mabuting hari? Pangatuwiranan.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

c. Sino ang naging paborito ng hari? Paano mo ito ihahambing sa iyong sariling pamilya?

d. Paano mo kahaharapin ang mga pagkakataong hindi ikaw ang pinagtutuunan ng pansin ng iyong magulang?

e. Ano ang pangarap ng mga magkakapatid? Paano nila ito pinaghandaan?

f. Ano ang naging panaginip ng hari? Ano ang naging epekto nito sa kanyang kalusugan? Paano hinarap ang suliraning ito ng mag-anak sa akda?

g. Ano-ano ang iyong ginagawa sa oras ng pangangailangan sa pamilya? Sino ang iyong tinatakbuhan?

**4. Pagpapalawig**


Tukuyin ang mahahalagang pangyayari sa saknong na binasa at mga suliraning panlipunan na nakapaloob dito. Maglahad din ng mga sanhi, bunga, at maaaring solusyon na mailalapat dito. Gamitin ang PECS Chart.

| **Problem (Problema)** | **Cause (Sanhi)** | **Effect (Bunga)** | **Solution (Solusyon)** |
| --- | --- | --- | --- |
| | | | |

**C. Kongklusyon**

**1. Sintesis**

Punan ang hinihinging impormasyon sa *character values profile*. Ibigay ang mga tauhan at mga katangian o pagpapahalagang ipinamalas nila sa aralin.




REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**2. Pagtataya**

Sumulat ng isang tekstong nagmumungkahi ng solusyon sa isang suliraning panlipunan na may kaugnayan sa kabataan na matatagpuan sa akdang binasa.

**Batayan ng Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakahusay! 4–5 puntos | Mahusay! 3–2 puntos | Paghusayin pa! 1 puntos | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw at makabuluhan ang pagpapaliwanag sa salitang kumakatawan sa paksang tinatalakay. | May kabuluhan ang ginawang pagpapaliwanag subalit may ilang mga diwang malabo. | Hindi malinaw ang kaugnayan ng piniling salita sa paksang tinatalakay. | |
| Organisasyon | Kapuna-puna ang natatanging pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya. | Kapansin-pansin ang kamalayan sa pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya. | May kaguluhan ang pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya. | |
| Wika | Wasto't angkop ang paggamit ng mga bantas, baybay, at gamit ng mga salita. | May iilang mga pagkakamali sa paggamit ng bantas, baybay, at gamit ng salita. | Hindi-gaanong naisaalang-alang ang wasto't angkop na paggamit ng mga bantas, baybay, at gamit ng mga salita. | |

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 4: Saknong 129–231**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Itanong sa mga mag-aaral:

Ano ang pangyayari sa iyong buhay na sinubok ang iyong pananampalataya? Paano mo ito hinarap?

| Ang pangyayari sa aking buhay na sinubok ang aking pananampalataya ay… | Hinarap ko ang pagsubok na ito na… |
|---|---|
| | |

**2. Pagganyak**

*Think-Pair-Share:* Papiliin ng kapareha ang mga mag-aaral at hayaang pag-usapan nila ang katanungan sa ibaba.

Anong sakripisyo ang kaya mong gawin para sa iyong pamilya? Bakit nagagawa ng taong magsakripisyo para sa kanyang pamilya?

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga kaisipang nakapaloob sa nilalaman ng saknong 129–231
2. Naisasalaysay ang naging paglalakbay at pinagdaanan ni Don Juan sa paghuli ng Ibong Adarna
3. Nasusuri ang mga saknong sa akda na nagpapakita ng mga isyung panlipunan
4. Nakapaglalahad ng mga maidudulot ng paggawa ng kabutihan sa kapwa at pagpapasalamat sa kapwa

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

B. **Katawan**

1. **Pagbasa ng mga saknong ng Ibong Adarna**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ipabahagi sa kanila ito sa klase sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *storyboard*.

Pangkat 1: Saknong 129–161 (Pagtulong ni Don Juan sa Leproso)

Pangkat 2: Saknong 162–182 (Pagkikita ni Don Juan at ng Ermitanyo)

Pangkat 3: Saknong 183–196 (Pagtulong ng Ermitanyo kay Don Juan)

Pangkat 4: Saknong 197–214 (Paghuli ni Don Juan sa Ibong Adarna)

Pangkat 5: Saknong 215–231 (Pagligtas ni Don Juan sa mga Kapatid)

2. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Hanapin sa loob ng kahon ang kahulugan ng salitang nakahilis ayon sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Nalumbay | Nag-isip | Sinugatan |
| Natuyo | Nahulaan | |

1. *Binusbos* niya ng kutsilyo ang kanyang pulso.
2. *Nagnuynoy* siya nang malalim kung paano iyon malulutas.
3. *Nagpaghulog* ng matanda ang pakay niya.
4. Lubhang *namanglaw* ang mga tao sa kanyang sinapit.
5. *Nangabahaw* ang kanyang mga sugat matapos gamutin.

5. Nakasusulat ng isang liham ng pasasalamat sa isang taong nakagawa sa iyo ng kabutihan o tulong



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**3. Pagpapayaman**

a. Isa-isahin ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari kung paano nahuli ni Don Juan ang Ibong Adarna sa pamamagitan ng grapikong pantulong.

1.

2.

3.

4.

b. Isang Saknong, Isang Akto:

Ipakita sa isang maikling iskit ang kaisipang nakapaloob sa bawat saknong.

Pangkat 1: Saknong 130

Hinihinging patnubayan
ang ulilang paglalakbay
hirap nawa'y matagalan
sa pag-ibig sa magulang

Pangkat 2: Saknong 160

Ugali ko pagkabata
na maglimos sa kawawa,
ang naipagkawanggawa
bawiin pa'y di magawa

Pangkat 3: Saknong 185

Sa Maykapal manawagan
tayong lahat na nilalang
ang sa mundo ay pumanaw
tadhana ng kapalaran

Pangkat 4: Saknong 196

Kaya, bunso, hayo ka na
sa gabi'y lalaimin ka,
ito'y oras na talaga
ng pagdating ng Adarna

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Pangkat 5: Saknong 220


Tuwa'y umapaw sa dibdib
ng tatlong magkakapatid
bawat isa ay may sambit
ng sa puso ay pag-ibig

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Sino ang nakilala ni Don Juan sa kanyang paglalakbay? Paano niya ito tinulungan?
2. Sino ang tumulong kay Don Juan upang mahuli ang Adarna? Anong kahiwagaan ang nakabalot dito?
3. Ano-ano ang ibinigay sa kanya ng ermitanyo? Ilahad ang mga bilin nito kay Don Juan.
4. Isalaysay ang pinagdaanang hirap ni Don Juan bago niya nahuli ang Adarna.
5. Ano-ano ang katangiang Pilipino ang ipinamalas ni Don Juan sa tagpong ito? Magbigay ng mga patunay.
6. Sa iyong palagay, may mga tao pa bang katulad ni Don Juan sa kasalukuyan? Sino-sino sila?
7. Sino ang madalas na gumagawa ng mabuti sa kapwa o handang tumulong na hindi naghahangad ng kapalit?
8. Bakit mahalaga ang pagtulong sa kapwa-tao? Ano ang mabuting naidudulot nito?
9. Halimbawang mangyari sa inyo ang tulad ng nangyari kay Don Juan, ano ang iyong gagawin? Bakit?


**4. Pagpapalawig**

Ipalahad sa mga mag-aaral ang naidudulot ng pagtulong sa kapwa at kahalagahan ng pagpapasalamat. Gamitin ang *fan fact organizer*.






Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com




Batay sa inilahad na *fan fact organizer* ng mga mag-aaral, magpaguhit ng isang simbolo o larawan na nagpapakita ng papel na ginagampanan ng mga mag-aaral sa pamayanan kung saan naranasan nila ang pagtulong at pagpapasalamat sa kapwa.

**C. Kongklusyon**

**1. Sintesis**

Batay sa natutuhan ng mga mag-aaral sa talakayan, papunan ang mga patlang upang mabuo ang kaisipan ng pahayag.

**2. Pagtataya**

Sabihan ang mga mag-aaral na sumulat ng isang maikling liham ng pasasalamat sa kanilang kaibigan o kaklase na tumulong sa kanila sa oras na sila ay may problema o laging dumaramay sa kanila sa panahon ng pangangailangan.

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| Nagtataglay ang liham ng lahat ng mahahalagang bahagi mula sa pamuhatan hanggang lagda. | |
| Malinaw ang nilalaman batay sa paksa. Kakikitaan ang liham ng temang pasasalamat. | |
| Madaling unawain ang mensaheng nakapaloob dito. | |
| Nakalahad sa maayos na paraan. Wasto ang gamit at baybay ng mga salita at bantas. | |
| **Kabuuang Puntos =** | |

5 – Napakahusay
4 – Mahusay
3 – Katamtamang husay
2 – Sadyang Di-Mahusay
1 – Kailangan pa ng Pagsasanay

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 5: Saknong 232–399**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Ipabigay ang pananaw ng mga mag-aaral sa maidudulot sa tao ng mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| INGGIT | GALIT | SAKIT |
| TAKOT | YABANG | |

**2. Pagganyak**

Ibahagi ang kasaysayan ng magkapatid na Cain at Abel mula sa Bibliya.

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Bakit nagawang patayin ni Cain si Abel?

b. May mga pagkakataon din ba na ikaw ay nakararanas ng inggit sa iyong kapatid? Bakit?

c. Ano ang iyong ginagawa sa ganitong mga pagkakataon?

d. Kung ikaw si Cain, ano ang iyong gagawin?

**B. Katawan**

Pagbasa ng mga saknong ng Ibong Adarna.

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang masining na pagbasa.

Pangkat 1: Saknong 232–256 (Planong Patayin si Don Juan)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 232–399
2. Nakikilala ang positibo at negatibong katangian ng mga tauhan sa akda
3. Nabibigyang kahulugan ang salitang nagpapahayag ng damdamin
4. Naiuugnay sa sariling karanasan ang mga karanasang nabanggit sa binasa



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 2: Saknong 257–274 (Pagbabalik nina Don Pedro at Don Diego sa Berbanya)


Pangkat 3: Saknong 275–317 (Dalangin ni Don Juan)

Pangkat 4: Saknong 318–338 (Paggamot ng Ermitanyo kay Don Juan)

Pangkat 5: Saknong 339–399 (Umawit ang Adarna at Hatol ng Hari)


**1. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Palawakin ang sumusunod na mga salita sa pagbibigay pa ng iba pang kaugnay na salita nito. Papunan sa mga mag-aaral ang *concept map*. Ipagamit sa pangungusap ang mga salita.




**2. Pagpapayaman**

Atasan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa pamamagitan ng *story ladder*.




5. Naisusulat ang sariling damdamin na may pagkakatulad sa naging damdamin ng tauhan sa akda

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Anong kasamaan ang binalak ng magkapatid kay Don Juan? Bakit nila nagawa ang bagay na iyon?

b. Sa inyong palagay, tama ba ang ginawa nila sa kapatid na bunso? Patunayan ang sagot.

c. Halimbawang mangyari sa iyo ang sinapit ni Don Juan, ano ang gagawin mo?

d. Ano ang naramdaman ng hari nang mapunang hindi kasama ng magkapatid si Don Juan?

e. Nangyayari ba sa tunay na magkakapatid ang makainggitan katulad ng nadama ni Don Pedro kay Don Juan? Bakit? Ano ang masamang epekto nito at paano maiiwasan?

f. Ilarawan ang anyo ng Ibong Adarna na kanilang dala. Bakit kaya ito nangyari?

g. Ilarawan ang dinanas ni Don Juan ang mga sandaling iyon. Sa kabila ng sinapit ng prinsipe, ano ang isang bagay na hindi niya nakalimutang gawin? Magbigay ng patunay.

h. Ano-anong pagkakataon sa iyong buhay na maaari mong ihambing sa pinagdaanan ni Don Juan? Magkatulad ba kayo ng ginagawa ni Don Juan sa mga pagkakataong wala kang matakbuhan?

i. Ano ang naging desisyon ng hari na magiging parusa ng kanyang dalawang anak? Kung ikaw ang hari, ganito rin ba ang iyong magiging desisyon? Bakit?

**3. Pagsusuri ng mga Saknong**

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magsasadula sila ng mga sitwasyon na maaaring magpakita ng nais ipabatid na damdamin ng mga saknong mula sa akda.

| | | |
|---|---|---|
| Pangkat 1 | Lahat dito'y pasaliwa<br>Walang hindi balintuna,<br>Ang mabuti ay masama<br>Ang masama ang dakila | Tanong:<br>Ano-anong mga pagkakataon itinuturing na mabuti ang mga bagay na masama? |
| Pangkat 2 | Kailan kaya sa inyo<br>Narito ang mga tao,<br>Kapatid man at katoto<br>Ay lihim na kaaway mo? | Tanong:<br>Ano-anong mga pagkakataon masasabing ang mga kaibigan ay nagiging lihim na kaaway? |


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| | | |
|---|---|---|
| Pangkat 3 | Kung hindi man ay totoong<br>Himala ng Diyos ito<br>Napakita nga sa tao't<br>Nang ang loob ay magbago. | Tanong:<br>Sa ano-anong pagkakataon masasabing nagpapamalas ang Diyos ng mga kaganapan upang mabago ang tao? |
| Pangkat 4 | Huwag tayong mamantugan<br>Sa ugaling di mainam<br>Na kaya kung dumaramay<br>Ay nang upang madamayan. | Tanong:<br>Sa anong mga pagkakataong masasabing nagpapakita ng mabuti ang isang tao upang masuklian lamang ng mabuti? |
| Pangkat 5 | Pagkat ipaglihim nama'y<br>Mabubunyag din ang tunay<br>Ang Adarna'y kay Don Juan<br>Ang sa ati'y kabiguan. | Tanong:<br>Ano-ano ang pagkakataon nabubunyag ang lihim? Ano ang naidudulot nito? |

**4. Pagpapalawig**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpaguhit o magpagawa ng isang mural na nagpapakita ng kaisipang nakapaloob ng araling tinalakay. Hayaang ipaliwanag ng mga mag-aaral ang iginuhit sa loob ng tatlo hanggang limang pangungusap.

Ang pagtatanghal ng bawat pangkat sa pamamagitan ng "*One Stay, Team Stray*" na ipapaskil sa loob ng klase. Pipili ng kinatawan ang bawat pangkat na magpapaliwanag nito, samantalang ang ibang kapangkat ay lilibot upang makita ang ibang mural.

**C. Kongklusyon**

**1. Sintesis**

Padugtungan sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga pahayag.

Kung ako si Don Pedro, ang dapat kong gawin ay ________________.

Kung ako si Don Diego, ang dapat kong gawin ay ________________.

Kung ako si Don Juan, ang dapat kong gawin ay ________________.

Kung ako si Haring Fernando, ang hindi ko dapat gawin ay ______________ ________________________________________________.

**2. Pagtataya**

Magpasulat ng isang sanaysay na naglalahad ng saloobin ng mga mag-aaral kaugnay ng pinagdaanan ni Don Juan sa kanyang mga kapatid.

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Kompleto at malinaw na naipahahayag ang damdamin kaugnay sa paksa. | | | | | |
| Mahusay na naiuugnay ang pangyayari sa tauhan sa sariling karanasan. | | | | | |
| Nakapupukaw ng interes ang panimula at wakas. | | | | | |
| Wasto ang gamit ng bantas, salita, at pagbabaybay. | | | | | |

5 – Napakahusay

4 – Mahusay

3 – Katamtamang Husay

2 – Sadyang Di-mahusay

1 – Kailangan pa ng Pagsasanay



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 6: Saknong 400–506**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Punan ang T-*chart* na nasa ibaba.

| Dapat bang magtiwala pa sa taong minsan nang nagtaksil sa iyo? | |
|---|---|
| **Oo** | **Hindi** |
| | |

**2. Pagganyak**

*Think-Pair-Share:* Papiliin ang mga mag-aaral ng kapareha at hayaan silang magbahagi-nan ng pagsagot sa tanong sa ibaba.

Anong madalas ninyong pagtalunan o pag-awayan ng iyong kapatid? Paano kayo nagpapatawaran sa isa't isa? Gaano kahalaga ang pagpapatawad sa isa't isa?

**B. Katawan**

**1. Presentasyon**

Pagbasa ng mga saknong ng Ibong Adarna

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang masining na pagbasa.

Pangkat 1: Saknong 400–427 (Pagpapakawala sa Ibong Adarna)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 400–506
2. Nakapagbabahagi ng sariling damdamin at saloobin ng tauhan sa akda
3. Nasusuri ang damdaming namayani sa mga tauhan sa akda
4. Nakapagbibigay ng reaksyon batay sa mga pangyayari sa akda

Pangkat 2: Saknong 428–440 (Pagtakas ni Don Juan sa Berbanya)


Pangkat 3: Saknong 441–462 (Pagkikita ng Magkakapatid sa Armenya)

Pangkat 4: Saknong 463–476 (Pagsasama Muli ng Magkakapatid)

Pangkat 5: Saknong 477–506 (Ang Mahiwagang Balon)

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

*Word Association:* Magpabigay ng salita na maiuugnay sa mga salitang nasa loob ng bilog at ipagamit ito sa pangungusap.





**3. Pagpapayaman**

Pangkatin ang klase sa lima at ipagawa ang sumusunod na mga gawain.

Pangkat 1: Ipakita ang ikalawang pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan sa pamamagitan ng *tableau*.


Pangkat 2: Ilarawan ang tatlong prinsipe gamit ang dayagram sa ibaba.



5. Nakabubuo ng isang patalastas tungkol sa pagmamahal at pagpapahalaga sa samahan ng magkakapatid


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 3: Ibigay ang kabutihan at di-kabutihang naidudulot ng inggit gamit ang *fishbone map*.



Pangkat 4: Iguhit ang tagpuan (Kabundukan ng Armenya at Mahiwagang Balon) batay sa paglalarawan sa akda.

| Kabundukan ng Armenya | Mahiwagang Balon |
| --- | --- |
| | |

Pangkat 5: Gumuhit ng isang simbolo na maglalarawan sa samahan ng magkakapatid.

| Magkakapatid |
| --- |
| |

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Ano ang ikalawang pagtataksil na ginawa nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan?

b. Tama bang patawarin at magtiwala sa kanilang muli si Don Juan?

c. Ano ang ginawa ng mga kapatid upang malinlang si Don Juan?

d. Ano ang naramdaman ni Don Juan nang magising siya at wala na ang Adarna?

e. Saan napadpad ang magkakapatid at muling nagkita? Ilarawan ang lugar at tanawin na ito. Magbigay ng patunay.

f. Ano ang naging desisyon ng mga magkakapatid nang matagpuan nila si Don Juan sa Armenya? Sang-ayon ka ba rito? Pangatuwiranan ang sagot.

g. Tama ba ang naging desisyon ni Don Juan na sumama sa mga kapatid at magtiwalang muli? Bakit?

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**4. Pagpapalawig**

Magpabahagi sa mga mag-aaral ng saloobin kaugnay ng ipinapahayag ng bawat saknong mula sa akda.

| Saknong | Saloobin |
|---|---|
| 411 Subalit O! yaong inggit,<br>sawang maamo'y bumangis!<br>pag sinumpong maging ganid<br>panginoo'y naglilingkis. | |
| 426 Noon niya nagpagsukat<br>ang sa tao palang palad<br>magtiwala ay mahirap<br>daan ng pagkapahamak. | |
| 463 Sa dibdib ma'y nakapako<br>ang subyang ng pagsiphayo<br>ang nanaig din sa kuro'y<br>hinahon ng kanyang puso. | |
| 464 Kung siya'y may kahinaang<br>sukat maging kapintasan<br>ang pag-ibig na dalisay<br>sa kapatid, walang hanggan. | |
| 473 Tayo'y hindi masiyahan<br>sa abot na ng pananaw<br>iniimbot pa rin naman<br>ang lahat na ay malaman. | |
| 474 Langit man ay marating<br>sapilitang aakyatin,<br>matapos lang yaong lihim<br>na balot ng salamisim. | |
| 505 Anuman ang kasapitan<br>ito'y di ko uurungan,<br>ang malaking kabiguan<br>ay bunga ng karuwwagan. | |
| 506 Nasimulan nang gawain<br>ang marapat ay tapusin,<br>sa gawaing pabinbin-binbin<br>nawala tayong mararating. | |


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com


C. **Kongklusyon**

1. **Sintesis**

Papunan sa mga mag-aaral ang tsart sa ibaba batay sa isinagawang pagtalakay. Ipasulat sa kahon ang mga nagiging sagabal sa tamang pagdedesisyon at kung ano ang dapat isaalang-alang upang maging wasto ang pagdedesisyon.

2. **Pangwakas na Pagtataya**

Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng isang patalastas tungkol sa pagmamahal at pagpapahalaga sa samahan ng magkakapatid.




**Batayan ng Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakahusay! 4–5 puntos | Mahusay! 3–2 puntos | Paghusayin pa! 1 puntos | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw at makabuluhan ang pagpapaliwanag sa salitang kumakatawan sa paksang tinatalakay | May kabuluhan ang ginawang pagpapaliwanag subalit may ilang mga diwang malabo | Hindi malinaw ang kaugnayan ng piniling salita sa paksang tinatalakay | |
| Pagkamalikhain at Maparaan | Kitang-kita ang pagpapamalas ng pagkamalikhain at maparaan sa pagbuo ng patalastas | Kapansin-pansin na hindi gaanong nakapagmalas ng pagkamalikhain at maparaan sa pagbuo ng patalastas | Hindi kinakitaan ng pagkamalikhain at maparaan sa pagbuo ng patalastas | |
| Wika | Wasto't angkop ang paggamit ng mga bantas, baybay at gamit ng mga salita | May iilang mga pagkakamali sa paggamit ng bantas, baybay, at gamit ng salita | Di-gaanong naisaalang-alang ang wasto't angkop na paggamit ng mga bantas, baybay, at gamit ng mga salita | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 7: Saknong 507–729**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Pag-usapan sa klase.

Naniniwala ka ba sa pag-ibig sa unang pagkikita? Masasabi bang tunay na pag-ibig ito? Bakit? Isulat ang sagot sa gamit ang *List All Factors*.

| Oo | Hindi |
|---|---|
| | |

**2. Pagganyak**

Pagtunghay o pakikinig sa teksto mula sa Bibliya o isinaawit na bersyon ng 1 Corinthians 13: "Love is patient, love is kind . . ." (Ang pag-ibig ay matiyaga, ang pag-ibig ay mabait …)

**Gabay na Tanong:**

Anong bahagi ang naibigan mo? Bakit? Ibahagi ito sa klase.

**B. Katawan**

Pagbasa ng mga Saknong ng Ibong Adarna

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang masining na pagbasa.

Pangkat 1: Saknong 507–566 (Pagkikita ni Don Juan at Donya Juana)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 400–506
2. Nakapagbabahagi ng sariling damdamin at saloobin ng tauhan sa akda
3. Nasusuri ang damdaming namayani sa mga tauhan sa akda
4. Nakapagbibigay ng reaksyon batay sa mga pangyayari sa akda



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 2: Saknong 567–650 (Pagkikita ni Don Juan at Prinsesa Leonora)

Pangkat 3: Saknong 651–680 (Ikatlong Pagtataksil kay Don Juan)

Pangkat 4: Saknong 681–729 (Kahilingan ni Leonora kay Haring Fernando)

**1. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

*Word Puzzle:* Pabigyang-kahulugan ang salita sa kaliwa sa pagbuo ng nawawalang letra sa loob ng kahon. Ipagamit ito sa pangungusap.

a. pita ng puso

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| H | | N | | | D |

b. inimbulong sa itaas

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| D | | I | | G |

c. nilalik na bato

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| N | | I | | I | | K |

d. masapot ng dilim

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| M | | R | | I | | T |

e. tinantang ang tali

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| H | | N | | I | |

**2. Pagpapayaman**

Atasan ang mga mag-aaral na paghambingin sina Juana at Leonora bilang mga babae. Ipasulat ang sagot sa loob ng bilog.

| Juana | Leonora |
|---|---|

5. Nakabubuo ng isang patalastas tungkol sa pagmamahal at pagpapahalaga sa samahan ng magkakapatid

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Pagsusuri sa mga piling pahayag**

Ipatukoy ang damdaming ipinapahiwatig at ipasuri kung ang pag-ibig na namamayani sa mga ito ay positibo o negatibo. Isasagawa ito nang pangkatan.

| Nagpahayag | Pahayag | Damdamin | ♥ para sa positibo at X para sa negatibo |
|---|---|---|---|
| Don Pedro | ”Lilo pa ba akong itong matapat na alipin mo?” | Pangungumbinsi/ pagmamakaawa | ♥ |
| Prinsesa Leonora | “Kung nasawi ka sa balon, bakit kaya nagkagayon…? | Pag-aalala | ♥ |

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Bakit pinili ni Don Juan na bumaba sa balon? Ano ang katangian niyang pinatotohanan ng pangyayaring ito?

b. Paano iginiit ni Don Pedro ang kanyang pagkapanganay? Likas ba sa mga pamilya na bigyan ng halaga ang posisyon ng mga magkakapatid? Tama ba ito? Bakit?

c. Paano napatunayan ang karuwagan ni Don Pedro? Magbigay ng patunay.

d. Anong katangian ang ipinamalas ni Don Juan sa araling ito?

e. Masasabi mo bang totoo ang damdaming ipinahahayag ng kanyang pananalita? Pag-ibig nga kaya sa unang pagkikita ang nadama ni Don Juan?

f. Sa kasalukuyang panahon nauuso ang pakikipagkilala sa mga taong hindi nakikita sa personal sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya na ginagamit sa komunikasyon tulad ng *cell phone* at *computer*, ano ang mabuti at masamang naidudulot nito? Magbigay ng mga kongkretong halimbawa.

g. Ilarawan ang naging pakikipaglaban ni Don Juan sa higante at serpiyente. Makatotohanan ba ang pangyayaring ito? Pangatuwiranan ang sagot.

h. Kung ikaw si Juana o si Leonora, mapapaibig ka rin ba kay Don Juan? Paniniwalaan mo ba siya agad? Bakit?

i. Ano ang kahilingan ni Leonora kay Haring Fernando? Bakit niya ito hiningi?

**3. Pagpapalawig**

Papunan ang *T-chart* sa kabilang pahina kung ano ang pagkakaiba ng paraan ng panliligaw noon sa paraan ng panliligaw ng kabataan sa kasalukuyan.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

| Paraan o Sistema ng Panliligaw ng Kabataang Pilipino | |
|---|---|
| Paraan ng Panliligaw Noon | Paraan ng Panliligaw Ngayon |
| | |

Ipatapos sa mga mag-aaral: Kung ako ang papipiliin, ang paraan ng panliligaw na nais kong gawin ng kabataan sa kasalukuyan ay ______________________________ dahil ______________________________________________________________ _____________________________________________________________.

## C. Kongklusyon

### 1. Sintesis

Ipagawa: Gumupit ng hugis puso sa isang papel. Hatiin ito sa gitna at kulayan o guhitan ng larawan ang bahagi na sumisimbolo sa isang taksil napag-ibig (kaliwa) at tunay na pag-ibig (kanan). Ipaliwanag ang kinalabasan ng gawain sa likod na bahagi.

### 2. Pangwakas na Pagtataya

Sabihan ang mga mag-aaral na pumili ng isang tauhan sa akdang binasa. Magpasulat ng isang tekstong naglalarawan sa katangiang ipinamalas ng tauhan sa akda at iugnay mo ito sa iyong sariling katangian.

**Batayan ng Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakahusay! 4-5 puntos | Mahusay! 3-2 puntos | Paghusayin pa! 1 puntos | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw at makabuluhan ang pagpapaliwanag sa salitang kumakatawan sa paksang tinatalakay | May kabuluhan ang ginawang pagpapaliwanag subalit may ilang mga diwang malabo | Hindi malinaw ang kaugnayan ng piniling salita sa paksang tinatalakay | |
| Organisasyon | Kapuna-puna ang natatanging pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | Kapansin-pansin ang kamalayan sa pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | May kaguluhan ang pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | |
| Wika | Wasto't angkop ang paggamit ng mga bantas, baybay, at gamit ng mga salita | May iilang mga pagkakamali sa paggamit ng bantas, baybay, at gamit ng salita | Hindi gaanong naisaalang-alang ang wasto't angkop na paggamit ng mga bantas, baybay, at gamit ng mga salita | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

# Ikaapat na Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 8: Saknong 730–933**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

*Cue Cards Strategy*: Pagkilala sa mga pangyayaring pagtutuunan ng pansin sa aralin sa tulong ng mga susing salita o detalye. Ilarawan ang pinapahiwatig ng bawat salita na nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| ika-7 bundok | ermitanyo |
| kampana | agila |
| kapirasong baro | Cristales |

**2. Pagganyak**

Magpakita ng larawan ng mga bagay na nagsisimbolo ng tagumpay tulad ng tropeo, diploma, plake, at iba pa. Magkaroon ng malayang pagbabahaginan ng sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang sinisimbolo ng mga bagay na ito? Kailan natatamo ang mga bagay na ito?
- Masasabi bang ganap nang tagumpay ang isang tao kapag nakamit niya ang mga bagay na ito?

**B. Katawan**

Pagbasa ng mga saknong ng Ibong Adarna

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang masining na pagbasa.

Pangkat 1: Saknong 730–746 (Pagtulong ng Lobo kay Don Juan)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 730–933
2. Nahihinuha ang maaaring mangyari sa tauhan sa akdang binasa
3. Naipahahayag ang sariling saloobin, pananaw, at damdamin tungkol sa napapanahong isyu kaugnay ng tinalakay sa akda

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 2: Saknong 747–776 (Muling Pagkikita ni Don Juan at ng Ibong Adarna)

Pangkat 3: Saknong 777–792 (Panaghoy ni Leonora)

Pangkat 4: Saknong 793–854 (Paglalakbay ni Don Juan at Pagpaparaya ni Leonora sa Pag-ibig kay Don Juan)

Pangkat 5: Saknong 855–933 (Paglalakbay ni Don Juan patungong Reyno delos Cristales)

**1. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Sabihan ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang matatalinghagang salita batay sa ibinigay na kahulugan nito.

a. hinamak na yaong silid – pinasok

b. malagot man ang hininga – mamatay

c. hahamakin pati lintik – lalabanan lahat

d. katigasan ng puso – matatag magpasya

e. kumandong sa kandungan – umupo

**2. Pagpapayaman**


a. *Plot Chart*: Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng Tsart ng Banghay upang maisalaysay ang kuwentong nakapaloob sa mga saknong ng akda.

| |
|---|
| Ang pangunahing tauhan na si. . . ay naghahangad na. . . upang. . .<br>Kaya sa pamamagitan ng . .<br>At dahil dito ay natupad niya ang kanyang layunin na…<br>Gayunpaman, para maging ganap ang tagumpay ay dapat niyang pagdaanan o danasin ang sumusunod:<br>• ________________<br>• ________________<br>• ________________ |

4. Naisusulat nang may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ang isang talatang naglalahad ng sariling saloobin, pananaw, at damdamin

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

b. Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng *picto map* ng naging paglalakbay ni Don Juan sa paghahanap sa Reyno delos Cristales.




**Mga Gabay na Tanong:**

a. Ilarawan ang kalagayan ni Don Juan habang nagkakaroon ng kasiyahan sa Berbanya.

b. Anong katangian ang muling ipinamalas ni Don Juan sa tagpong ito? Patunayan.

c. Sino ang tumulong sa kanya upang gumaling ang kanyang mga sugat at maligtas siya sa tiyak na kamatayan?

d. Makatarungan ba ang sinapit ni Don Juan? Ano ang gagawin mo kung ikaw ang nasa kalagayan niya? Pangatuwiranan ang sagot.

e. Ano ang hindi nakakalimutang gawin ni Don Juan sa kanyang paglalakbay?

f. Sino ang nakitang muli ni Don Juan habang binabagtas niya ang daan pabalik ng Berbanya? Ano ang katotohanang isiniwalat ng Ibong Adarna at ipinayo kay Don Juan?

g. Ano ang nilalaman ng mga panaghoy ni Leonora? May karapatan ba siya sa pag-ibig ni Don Juan? Kung ikaw ang nasa kanyang kalagayan, dapat pa ba niyang hintayin ang pagbabalik nito? Bakit?

**3. Pagpapalawig**

Pangkatin ang klase at papiliin ng isa sa mga nabuong kaisipan tungkol sa tagumpay at pagpapatotoo sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa mula sa mga simpleng karanasan sa buhay sa pamamagitan ng *tableau* o larawang-buhay.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## C. Kongklusyon

### 1. Sintesis

Ipagawa sa mga mag-aaral ang estratehiyang 3-2-1.

3: Magbigay ng tatlong mahahalagang kaisipan na natutuhan sa aralin.

2: Magmungkahi ng dalawang paraan na maaaring gawin upang mapagyaman pa ang aralin at pagtalakay.

1: Bumuo ng isang tanong na nais iparating sa tauhan.

### 2. Pangwakas na Pagtataya

Magpasulat sa mga mag-aaral ng isang sulatin na may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ang isang talatang naglalahad ng sariling saloobin, pananaw, at damdamin kaugnay ng kaisipang nakapaloob sa binasang akda.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | | **Puntos** |
|---|---|---|
| Mga Ideya (10) | Malinaw, may pokus, ugnayan, detalyado, at kawili-wili | |
| Pagkakabuo (10) | Angkop na angkop sa paksa, layunin, at *target* na mambabasa | |
| Tono/Himig (10) | Masasalamin ang sariling estilo ng sumulat | |
| Gamit ng Salita (10) | Masining, tamang-tama at kakaiba, orihinal, at magandang ulitin | |
| Paglalahad ng mga Pangungusap (10) | Makinis, banayad, at madulas basahin | |
| Mga Kombensyon (10) | Tama o angkop ang gamit ng mga bantas, baybay, at balarila | |
| | **KABUUANG MARKA =** | |

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 9: Saknong 934–1278**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

Atasan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pagsubok ni Don Juan mula kay Haring Salermo. Palagyan ng titik A-E ang patlang bago ang bilang.

_______ a. Pagpapaamo sa kabayo

_______ b. Paghahanap ng singsing ng hari

_______ c. Pagbabalik sa prasko ng 12 negrito

_______ d. Paggawa ng tinapay mula sa trigo

_______ e. Pagpapatag ng bundok at gumawa ng kastilyo

**2. Pagganyak**

Pag-usapan sa klase.

| **PAGSUBOK** |
|---|

Ano ang matinding pagsubok na pinagdaanan mo sa buhay? Paano mo hinarap ang mga pagsubok na ito? Ano ang natutuhan mo sa pagharap sa mga pagsubok na ito?

**B. Katawan**

Pagbasa ng mga Saknong ng Ibong Adarna

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng saknong na kanilang babasahin at ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang masining na pagbasa.

Pangkat 1: Saknong 934–987 (Pagkikita ni Don Juan at Donya Maria)

Pangkat 2: Saknong 988–1060 (Unang Pagsubok ni Don Juan)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestro sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng saknong 934–1278
2. Naisasalaysay nang masining ang isang pagsubok na dumarating sa buhay na napagtagumpayan
3. Nasusuri ang damdaming namayani sa tauhan sa akdang binasa
4. Nakapagsasagawa ng isang masining na pagtatalo tungkol sa usaping panlipunan na nakapaloob sa akdang binasa



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 3: Saknong 1061–1120 (Pangalawa at Pangatlong Pagsubok)

Pangkat 4: Saknong 1121–1185 (Pang-apat at Panlimang Pagsubok)

Pangkat 5: Saknong 1186–1278 (Pang-anim at Pampitong Pagsubok)

**1. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa: Buuin ang *cataloging* upang higit na maging pamilyar sa mga salitang nakasulat nang pahilig.

| Salita | Salitang-ugat | Kahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|---|
| lubos na matanto | | | |
| pawiin ang kalumbayan | | | |
| naduhagi ng kalaban | | | |
| natalos ang pangyayari | | | |
| mabuyo sa masamang bisyo | | | |

**2. Pagpapayaman**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng kani-kaniyang gawain na angkop sa kanilang mabisang pagkatuto. Inaasahan na ang bawat pangkat ay matatapos at may maipakikitang *output* ng gawain sa itinakdang oras.

**Pangkat 1**

Pagsunod-sunurin ang mga kahilingan o pagsubok ni Haring Salermo kay Don Juan. Gamitin ang *step chart* sa pagtatala ng mga ito.

**Pangkat 2**

Gumuhit ng isang simbolo sa bawat tauhan batay sa katangiang ipinamalas nito sa aralin. (Donya Maria, Haring Salermo, Don Juan).

**Pangkat 3**

Bumuo ng isang *T-chart* na nagpapakita ng kabutihan at di-kabutihang dulot ng mga pangyayari mula sa araling binasa.

**Pangkat 4**

Gumawa ng paghahambing sa sinaunang katangian ng babae at sa kasalukuyang panahon na makikita sa tauhan sa tulong ng *Venn diagram*.

**Pangkat 5**

Gumuhit ng simbolismo o larawan na magpapakita ng mga katangiang ipinamalas ni Don Juan sa araling ito.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Paano ipinagtapat ni Don Juan ang kanyang pag-ibig kay Donya Maria? Ano ang naging reaksyon ni Donya Maria sa pagtatapat na ito?

b. Kung ikaw si Donya Maria, tatanggapin mo ba ang pagsuyo ni Don Juan? Bakit?

c. Bakit binigyan si Don Juan ng mga pagsubok ni Haring Salermo? Ano ang layunin ng hari sa pagbibigay ng mahihirap na pagsubok kay Don Juan?

d. Paano ito napagtagumpayan ni Don Juan?

e. Sa iyong palagay, alin sa mga pagsubok ng hari kay Don Juan ang pinakamahirap? Ipaliwanag.

f. Kung ikaw si Don Juan, tatanggapin mo ba ang lahat ng pagsubok na ibibigay sa iyo? Bakit?

g. Tama ba ang ginawa ni Donya Maria na pagtulong kay Don Juan? Pangatuwiranan ang sagot. Anong katangian ang ipinamalas ni Donya Maria sa tagpong ito ng kuwento?

h. Anong pag-uugali ang ipinakita ni Don Juan na taliwas sa mga naunang pag-uugali niya?

3. **Pagpapalawig**

**Pagsasagawa ng MASCOT**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpabuo ng isang likhang sining (*artwork*) na nagsisimbolo sa tunay at makabuluhang pag-ibig.

Magbigay ng *manila paper* sa bawat pangkat. Atasan ang bawat miyembro ng bilang. Magbigay ng hudyat na kinakailangan nang ipasa ng isang miyembro ang *manila paper* sa susunod na miyembro na magtutuloy ng nasimulang sining. Ipagpatuloy ang ganitong gawain hanggang sa makaikot na ang *manila paper* sa buong pangkat. Huwag payagang mag-usap ang bawat miyembro habang isinasagawa ang gawain. Dapat silang makinig at maging mapagmasid sa iniisip ng kanilang mga kapangkat batay sa bubuuin nilang simbolo. Pagkatapos ng itinakdang oras, lahat ng kanilang nabuo ay ipapaskil sa pisara.

***Reflective Writing Activity***

Pumili ng isang simbolo ng pag-ibig na ginawa ng bawat pangkat at iugnay ito sa ating napag-aralan sa araw na ito.

C. **Kongklusyon**

1. **Sintesis**

Mula sa mga salita sa ibaba, bumuo ang mga mag-aaral ng isang kaisipan sa pamamagitan ng pagdudugtung-dugtong ng mga salitang nasa ibaba.

**SUNDIN** **MAHALIN** **MAGULANG** **PAG-IBIG** **TAMA**


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

2. **Pangwakas na Pagtataya**

Magpasagawa ng isang debate tungkol sa panghihimasok ng magulang sa pagpili ng iibigin ng anak.

*Dapat bang makialam ang mga magulang sa pag-ibig ng anak?*
*Ano ang mabuti at di-mabuting naidudulot nito?*

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Katanggap-tanggap at makatotohanan ang mga impormasyon at katibayan inihahain | |
| May sapat na kaalaman sa balangkas ng sining ng pakikipagtalo at sa paksang pinagtatalunan | |
| Napaniniwala at nahihikayat ang mga tagapakinig na panigan ang inihaharap na proposisyon | |
| Nagagamit nang wasto ang oras na itinakda para sa paglalahad ng patunay, pagtatanungan, at pagtuligsa. | |
| Nababatid ang layunin ng pakikipagtalo ay ang hikayatin ang kabilang panig at tanggapin ang paniniwala at hindi makipag-away | |
| **Kabuuang Marka =** | |

5 – Napakahusay

4 – Mahusay

3 – Katamtamang Husay

2 – Di-gaanong Mahusay

1 – Kailangan Pang Pagbutihin

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

# Ikaapat na Markahan Baitang 7 Supplemental Lesson Plan

## Ibong Adarna – Isang Obra Maestra

**Aralin 10: Pangwakas na Gawain**

**A. Panimula**

**1. Panimulang Pagtataya**

*Visible Quiz:* Ipasagot sa mga mag-aaral ang tanong tungkol sa akdang tinalakay. Itataas lamang ng mga mag-aaral ang dalawang kulay ng papel (maaaring asul para sa tama at pula para sa mali) sa pagsagot nila ng mga katanungan.

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat isang pangkat ng sagutang papel. Magkakaroon ng munting paligsahan sa klase tungkol sa mga mahahalagang pangyayari at impormasyon mula sa Ibong Adarna.

**2. Pagganyak**

Magpakita ng mga larawan na may kaugnayan sa mga bagay na nangyayari sa ating buhay.

Gabay na Tanong:

Kung may isang bagay ka na iuugnay sa iyong buhay ano ito at bakit iyon ang napili mo?

**B. Katawan**

**1. Paghahanda sa Pagtatanghal**

*Dramatic Reading: Read & Act!*

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng kani-kanilang bahagi ng kuwento ng korido na kailangan nilang basahin at pag-aralan. Papiliin sila ng mahahalagang saknong sa mga pangyayaring ito at magpasulat ng iskrip nito.

Pangkat 1: Ang Kabutihan ni Don Juan

Pangkat 2: Mga Pagtataksil kay Don Juan

Pangkat 3: Mga Pag-ibig ni Don Juan

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestro sa Panitikang Pilipino.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang angkop na mga salita at simbolo sa pagsulat ng iskrip
2. Nagagamit ang mga salita at pangungusap nang may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay sa mabubuong iskrip
3. Naisusulat ang orihinal na iskrip na gagamitin sa pangkatang pagtatanghal
4. Nabibigyang-puna o mungkahi ang nabuong iskrip na gagamitin sa pagtatanghal



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pangkat 4: Mga Pagsubok at Pakikipagsapalaran ni Don Juan

Pangkat 5: Mga Tagumpay ni Don Juan

2. **Pagpapayaman**

**Pagsulat ng Iskrip**

- Pagsulat ng iskrip ng itatanghal na mga piling saknong ng koridong Ibong Adarna
- Pagbibigay-puna o mungkahi sa nabuong iskrip na gagamitin sa pagtatanghal

3. **Pagtalakay**

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Sa iyong palagay, ano ang pinakamahalagang pangyayari na matatagpuan sa Ibong Adarna? Bakit?

b. Anong bahagi rito ang masasabi mong may katotohanan at alin naman ang mga kathang-isip lamang? Magbigay ng mga patunay.


c. Kung ikaw ang manunulat at maaari mo pang baguhin ang ilang tagpo at pangyayari sa akda, alin sa mga ito at bakit?

d. Ano ang iyong mga natutuhan mula sa akdang ating tinalakay?

e. Sa paanong paraan ito nakatulong o makatutulong sa iyong buhay?

4. **Pagpapalawig**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang *8-Fold Ways:* Pagbibigay ng walong kongkretong paraan ng pagpapahalaga sa sining ng pagtatanghal ng mga panitikang Filipino.



5. Nakikilahok sa malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng korido na naglalarawan ng pagpapahalagang Pilipino

C. **Kongklusyon**

1. **Sintesis**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang *Treasure Box*:

Isulat sa loob ng kahon ang inyong repleksiyon kung ano ang kahalagahan ng impormasyong natutuhan at ang magagawa ng impormasyong ito sa pagtuklas ng karagdagang kaalaman.

| |
|---|
| Mahalagang malaman na...<br>Sa pamamagitan ng impormasyong natutuhan, magiging… |

2. **Pangwakas na Pagtataya**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang masining na pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong Ibong Adarna na naglalarawan ng pagpapahalagang Pilipino.

| | | |
|---|---|---|
| **I. Pagsasagawa ng Gawain/Pagtatanghal (65 puntos)** | | |
| 1. Kilos/galaw at damdamin | 15 | |
| 2. Pagkamalikhain at pagkamaparaan | | |
| 3. Orihinalidad at pagkamakatotohanan ng pagsuot ng mga kasuotang ginamit | 10 | |
| 4. Malinaw ang pagbigkas ng mga linya | 10 | |
| 5. Pagpili ng awitin at paglalapat ng musika | 30 | |
| **II. Piyesa/Iskrip (20 puntos)** | | |
| 1. Maayos ang paglalahad ng kaisipan/ideya | | |
| 2. Maayos ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari | 20 | |
| **III. Kahandaan, Kaayusan, at Pagtutulungan (10 puntos)** | | |
| 1. Makikita ang organisasyon at kooperasyon ng bawat miyembro | 10 | |
| **IV. Panghihikayat sa Madla (5 puntos)** | | |
| 1. May kahandaan at kaayusan sa pagsasagawa ng gawain | 5 | |
| **KABUUANG MARKA =** | **100** | |


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com